REPRESENTATIVE FOR
CHILDREN AND YOUTH
Kinatawan para sa Mga Bata at Kabataan

# ADVOCACY FACT SHEET

## LAYUNIN

Siguruhin na ang mga karapatan at interes ng mga bata, kabataan, at young adults ay napoprotektahan at naitataguyod, at na ang kanilang mga opinyon ay iginagalang at isinasaalang-alang ng mga taong nagpapasya.

## Sino ang tinutulungan ng RCY advocates?

Ang mga bata at kabataan na nakakatanggap ng reviewable services o mga programang ibinibigay o pinopondohan ng gobyerno, kabilang ang: mga serbisyo sa ilalim ng *Child, Family and Community Service Act*, early childhood development o child care, addiction services para sa mga bata, mental health services para sa mga bata, Child in the Home of a Relative support, mga serbisyo sa ilalim ng *Adoption Act*, mga serbisyo sa ilalim ng *Youth Justice Act*, mga serbisyo sa ilalim ng *Community Living Authority Act*, at iba pang mga serbisyo o programang ipinag-uutos ng batas sa ilalim ng *Representative for Children and Youth Act*.

Ang reviewable services ay karaniwang ibinibigay o pinopondohan ng Ministry of Children and Family Development (MCFD) o isang itinalagang Aboriginal Agency, at kabilang dito ang mga serbisyo sa:

- mga bata at kabataan na nasa youth in care.
- mga kabataan na nasa ilalim ng youth agreement.
- mga kabataan na nasa custody.
- mga bata at kabataang may special needs.
- mga kabataang may special needs na lumilipat sa adult services.
- young adults, mula 19 hanggang 24 taon gulang, na eligible na tumanggap ng mga serbisyo mula sa Community Living BC at na nakatanggap ng reviewable service sa loob ng 15 buwan pagsapit ng kanilang ika-19 kaarawan.

## Paano natin matutulungan ang mga bata, kabataan, at young adults?

- Talakayin ang mga karapatan at kung ano ang gagawin kung ang mga karapatang iyon ay hindi iginagalang.
- Tulungan silang maikonekta sa mga serbisyo at mga programang kailangan nila.
- Suportahan sila sa isang paraan ng pakikipag-usap na maaring maglutas sa kanilang problema.
- Lumahok sa mga talakayan tungkol sa pangangalaga at mga serbisyong natatanggap nila at mga desisyon na nauukol sa kanila.
- Tumulong sa mga tao sa proseso ng kanilang paglipat ng pangangalaga mula sa MCFD.
- Tumulong sa paglipat ng mga taong eligible sa Community Living BC services.

## Ano ang hindi namin maaaring gawin

- I-override ang mga desisyong ginawa ng ministries, mga child- and youth-serving organization, o CLBC.
- Magsalita para sa mga bata at kabataan sa isang korte, o impluwensyahan ang mga legal na desisyon na nauukol sa kanila.
- Kumatawan sa mga bata na nasa custody, o i-access o baguhin ang mga kaayusang ito.
- Magbigay ng child protection services.
- Kumilos para sa isang kabataan sa isang Representation Agreement o sa application para sa Committeeship.

Head Office
Suite 400, 1019 Wharf Street
Victoria, B.C. V8W 2Y9
Head Office: 250-356-6710

Toll-free: 1-800-476-3933
Fax: 250-356-0837
Email: rcy@rcybc.ca
Website: www.rcybc.ca

rcybc
rcybcyouth
@rcybc
@rcybcyouth
rcybcyouth